



## ORATIO IMPERATA COVID 19 - Tagalog

*(Revised January 29, 2022)*

Mahabagin at maawaing Ama, inaamin namin ang aming mga kasalanan at mapagpakumbabang dumudulog sa iyo upang makatagpo ng pagpapatawad at buhay.

Nagsusumamo kami sa iyo sa upang hilingin ang iyong patnubay laban sa CoVid 19 na nagpapahirap sa marami at kumitil na ng mga buhay.

Tunghayan mo kami nang may pagmamahal.  
at ipagadya kami ng inyong mapaghilom na kamay mula sa takot sa kamatayan at karamdaman.  
Itaguyod mo kami sa pag-asa at patatagin sa pananampalataya.

Gabayan mo ang mga dalubhasang naatasan  
na tumuklas ng mga lunas at paraan upang ihinto ang paglaganap nito.

Pagpalain mo ang aming mga pagsisikap  
na mawakasan ng mga nalinang na gamot ang pandemya sa aming bayan.

Patnubayan mo ang mga lumilingap sa maysakit  
upang ang kanilang pagkalinga ay malakipan ng husay at malasakit.  
Pagkalooban mo sila ng kalusugan sa isip at katawan,  
katatagan sa kanilang paninindigang maglingkod  
at ipagsanggalang sa karamdaman.

Itinataas namin ang mga nagdurusa.  
Makamtam nawa nila ang mabuting kalusugan.  
Lingapin mo rin ang mga kumakalinga sa kanila.  
Pagkamitin mo ng kapayapaang walang hanggan ang mga pumanaw na.

Pagkalooban mo kami ng biyaya na magtulong tulong tungo sa ikabubuti ng lahat.  
Pukawin sa amin ang pagmamalasakit sa mga nangangailangan.  
Sa pagdamay at malasakit namin sa bawa't isa,  
malampasan nawa namin ang krisis na ito  
at lumago sa kabanalan at pagbabalik loob sa iyo.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo  
na nabubuhay at naghaharing kasama mo at ng Espiritu Santo,  
Diyos, magpasawalang hangan. Amen.

Dumudulog kami sa iyong patnubay, Mahal na Ina ng Diyos.  
Pakinggan mo ang aming mga kahilingan sa aming pangangailangan  
at ipagadya mo kami sa lahat ng kasamaan,  
maluwalhati at pinagpalang Birhen. Amen.

Mahal na Birhen, mapagpagaling sa maysakit, ipanalangin mo kami.  
San Jose, ipanalangin mo kami.  
San Rafael Arkanghel, ipanalangin mo kami.  
San Roque, ipanalangin mo kami.  
San Lorenzo Ruiz, ipanalangin mo kami.  
San Pedro Calungsod, ipanalangin mo kami.